# Konsultasyon para sa mga tulong sa mga lumikas～Mga lumikas na o sa mga nag-iisip lumikas～

Tumatanggap kami ng konsultasyon mula sa mga lumikas sa Prepektura ng Shiga o mga nag-iisip lumikas, dahil naapektuhan ng malubhang pagkapinsala sa mga Prepektura ng Niigata, Toyama, Ishikawa at Fukui mula sa lindol sa Noto Peninsula ng 2024 (Reiwa-6).

## Tanggapan sa wikang

Telepono:090-5995-2042　(*Oras ng pagtanggap ng tawag: Lunes-Biyernes 10:00 n.u. – 5:00 n.h., sarado ng Sabado, Linggo at Pista opisyal)

Online application form (Shiga Online Reception Service):
[https://ttzk.graffer.jp/pref-shiga/smart-apply/apply-procedure-alias/notosoudan](https://ttzk.graffer.jp/pref-shiga/smart-apply/apply-procedure-alias/notosoudan)

## Tanggapan sa iba' t-ibang wika (Shiga Foreign Residents

Sentro ng Impormasyon para sa mga Dayuhang Residente ng Shiga
Telepono：077-523-5646 (*Oras ng pagtanggap ng tawag: Lunes-Biyernes 10:00 n.u. – 5:00 n.h., sarado ng Sabado, Linggo at Pista opisyal)

Email:mimitaro@s-i-a.or.jp

Mga suportadong wika: Tumutugon sa 12 wika (kasama ang tagapagsalin mula sa call center) tulad ng wikang Hapon, Portuges, Espanyol, Ingles, Tagalog, Biyetnames

## Nilalaman ng

Tumutugon kami sa mga konsultasyon tungkol sa paglilikas:

- Konsultasyon tungkol sa tirahan
- Konsultasyon tungkol sa mga social welfare facility, day-care center, paaralan
- Konsultasyon tungkol sa problemang pinansyal
- Konsultasyon tungkol sa trabaho
- Konsultasyon tungkol sa pagiging dayuhan na lumikas　　　atbp.

## Tungkol sa tanggapan para sa Prepektura ng

Ang mga naapektuhan ng kalamidad sa Prepektura ng Ishikawa, hanggang sa makabalik sa sariling tirahan o pansamantalang pabahay, ay maaring lumikas

mula sa mga napinsala ng kalamidad papunta sa mga hotel o “ryokan” (tuluyan) sa Prepektura ng Shiga, nang pansamantala.

*Ang bayad sa pananatili ay lahat libre. Ang Disaster victim certificate ay hindi kinakailangan.
*Ang ibibiigay na pagkain ay naiiba depende sa tutuluyan.

Sanggunian:
Telepono：0120－266－755 (Tanggapan sa Prepektura ng Ishikawa.)
Oras ng tanggapan/9:00 n.u - 6:00 n.h. (Bukas kahit Sabado, Linggo o Pista opisyal)